

## **Aralin 1 – Ang Pamana**

Kalungkutan ang siya kong naramdaman sa pagpanaw ng dati nating pangulong Corazon Cojuangco-Aquino. Muling nanumbalik sa aking ala-ala ng pagpapagal ng maraming Pilipino upang buhayin ang demokrasya sa ating bayan sa pangunguna ng maybahay ng pinaslang na dating senador Ninoy Aquino. Bagamat di lahat ng ipinaglaban ng dating pangulo ay kaisa ako, ang iniwan niyang pamana ay lubha kong binibigyang halaga. Ano-ano ang mga pamanang ito?

### **Lakas sa Bayang Pinagkaisa**

Unang pamana na iniwan sa atin ng dating pangulong Cory Aquino ay ang patunay na may lakas sa bayang pinag-kaisa. Ang ating bansang Pilipinas ay napakahirap ipag-isa. Marahil sa kadahilanang tayo ay mayroong ibat-ibang lingwahe at kultura, ibat-ibang paninindigang politikal at idolohiya at tayo ay pinaghiwahiwalay ng napakaraming isla sa Pilipinas. Ngunit nuong Pebrero taong 1986, pinatunayan ng Pilipino na sila ay may kakayanang magkaisa at ito ay pinangunahan ng dating pangulo. Sa kanyang pagpanaw, tayo’y muling nagkaisa, maging ang mga magkakalabaan sa politika ay nagsamasama sa pagpapaalam sa ina ng demokrasyang Pilipino.

### **Wastong Pamumuno**

Pangalawa, ang wastong pamumuno na pinagangunahan ng integridad at takot sa Diyos ay ang klase ng pamumuno na ninanais nating mga Pilipino. Ganitong pamumuno rin ang kinikilala ng buong mundo. Bagamat si Ginang Aquino ay walang karanasan sa politika at pamumuno ng bayan nang siya ay ginawang pangulo ng bansa, siya ay ginabayan ng kanyang integridad at takot sa Diyos upang maisakatuparan ang wastong pamumuno.

### **Pakikipaglaban sa Kurapsyon**

Pangatlo, si Ginang Cory Aquino ay naging mabuting ehemplo sa pakikipaglaban sa kurapsyon. Bagamat siya ay pinagkalooban ng kapangyarihan na higit pa sa kapangyarihan ng pangulo nuong panahon ng *“Revolutionary Government”*, siya ay nanatiling simple sa kanyang pamumuhay at sa pag-gamit ng kapangyarihan. Itinaguyod ang bagong Saligang Batas upang ang kapangyarihan ay di maabuso.

### **Pagmamahal sa Diyos at Bayan**

At ang huling pamana na kanyang iniwan ay ang kanyang pagmamahal sa Diyos at bayan. Marahil ito ang pangunahing dahilan kung kaya’t marami ang umibig sa ating dating pangulo sa gitna ng pagkaiba-iba sa pananaw pampolitika at relihyon.

Sa libretong ito ating tatalakayin ang mga pamanang ito. Nais natin na sa katapusan ng ating pag-aaral na tayo mismo ay makapag-iiwan ng ganitong pamana sa susunod na henerasyon. Nais natin na sa ating huling sandali, katulad ng Apostol Pablo, ating masasabi...

*“Nakipaglaban ako ng mabuti, natapos ko na ang aking takbuhin,*

*nanatili ako sa pananampalataya. Ngayon ay nakalaan na sa akinang koronang inilaan*

*sa mga matuwid, na sa araw na iyon ay igagawad sa akin ng Panginoon”*

- *II Kay Timoteo 4:7-8*

### **Pagbulay-bulayan at Gawin**

1. Ano-ano ang nais mong ipamana sa susunod na henerasyon?
2. Alin sa apat na pamana ang nais mong matutunan ng husto?
3. Bilang ordinaryong mamamayang Pilipino, ano ang maaari mong maging kontribusyon sa ating bayan?
4. Ano ang nais mong marinig sa iba na naging kotribusyon mo sa iyong kumunidad at bayan?